Mga bagong makina sa pagsasaka!

Kuwento ni: Fredierick M. Saludez Guhit ni: Jude Klarence C. Pangilinan

Ride-on Precision Seeder
Nasa 4 butil bawat tundos ang nalalaglag mula sa labasan ng buto. Nagagawa rin nitong tabunan ang mga butil nang nasa 1 sm na kapal ng lupa.

Ibabad muna ang buto nang 24 oras at kulubin nang 12 oras para hindi masyadong mahaba ang tubo o putok ang mga butil. Ito ay para hindi maputol ang tubo ng butil dahil sa *seed metering device*.

Rekomendado ang makina sa mga palayang may patubig. Mas mainam gamitin sa malalaking pinitak para mahaba ang matatamnan sa isang pasada.

Dalawang tao lamang ang mag-ooperate nito nang hanggang 2 ektarya sa isang araw.

Riding-type Rice Transplanter
Ito ang makinang para sa lipat-tanim, walang tundos na nilalaktawan at sukat-na-sukat pa ang mga distansya.

Kung hybrid ang binhi, 30 kilo pataas ang kailangan sa pagpupunla sa *seedling tray* na pina-aabot nang 14-20 araw bago ilipat-tanim ng makina. Ang agwat bawat hilera at tundos ay 30x13 sm.

Kailangang patag ang bukid bago maglipat-tanim. Kung lagkitin ang lupa, patagin ito isang araw bago ang paglilipat-tanim. Kung mabuhangin ang lupa, patagin at tamnan ito kaagad.

Dahil mas bata o nasa tamang edad ang mga punla, hindi gaanong nai-*stress* at siguradong mas marami magsuwi ang mga ito.

Kung may tanong tungkol sa *Ride-on Precision Seeder* at *Riding-type Transplanter*, maaari kayong magtext o tumawag sa PhilRice Text Center
0920-911-1398.
Magtanong nang maging marunong!

Wakas.

Sinuri nina Dr. Arnold Juliano at Engr. Eden Gagelonia, Rice Engineering and Mechanization Division ng PhilRice